

Gamitin ang checklist na ito upang mahanap ang mga mapagkukunang kailangan mo sa Disaster Recovery Center. Sinasaklaw ng checklist na ito ang mga pinakakaraniwang serbisyo.

Ang mga talahanayan ay inayos ayon sa departamento.

### Impormasyong Pangkalusugan

Maaaring mayroong onsite na mga serbisyong medikal dito.

- Alamin kung paano manatiling malusog sa panahon ng mapaminsalang sunog – California Department of Public Health (CDPH)

### Pagkain

Maaaring may mga pagkain at inumin sa center.

- Kumuha ng mga benepisyo sa pagkain para sa kababaihan at bata (WIC) – California Department of Public Health (CDPH)
- Kumuha ng mga benepisyo sa pagkain – California Department of Social Services (CDSS)
  - Mag-sign up para sa CalFresh o humingi ng tulong sa pagpapalit ng pagkaing napinsala ng sunog
  - Maghanap ng isang food bank sa iyong lugar

### Mga pagsasara ng paaralan at gobyerno

- Alamin kung ano ang bukas at sarado – LA County 211

### Indibidwal na Tulong (FEMA)

- Mag-apply para sa pera at iba pang mga serbisyo – FEMA. Makakakuha ka ng tulong sa:
  - Pabahay
  - Mga pondo para sa pag-aayos
  - Mga serbisyong legal

01/24/2025

- Kung kwalipikado ka para sa FEMA, maaari kang maging karapat-dapat para sa karagdagang suportang pinansyal – California Department of Social Services (CDSS)

## Palitan ang iyong mga personal na dokumento

- Palitan ang iyong mga sertipiko ng kapanganakan, pagkamatay, at kasal (pansamantalang walang bayad) – California Department of Public Health (CDPH)
- Palitan ang iyong pagkakakilanlan at mga dokumento ng sasakyan – Department of Motor Vehicles (DMV)
  - Lisensya sa pagmamaneho at mga ID card
  - Pagpaparehistro ng kotse at titulo ng kotse
- Kunin o palitan ang mga dokumento para sa manufactured at mobile homes – Department of Housing and Community Development (HCD)
  - Rehistro at titulo
  - Salvage certificates
- Palitan ang mga dokumento ng income tax – Franchise Tax Board (FTB)

## Insurance Claims

- Humingi ng tulong sa mga claim sa insurance – Department of Insurance (CDI)
  - Pagkaantala sa pagproseso
  - Mga gastusin sa bahay
  - Mga hindi pagkakaunawaan sa underinsurance
- Kung mayroon kang California Veterans Affairs (CalVet) home loan, maghain ng claim sa pinsala sa sunog – CalVet

## Pagtatrabaho

- Kung hindi ka makapagtrabaho dahil sa sunog, mag-aplay para sa mga benepisyo – Employment Development Department (EDD)
  - Estado at pederal na mga benepisyo sa kawalan ng trabaho at kapansanan

01/24/2025

- Extension sa pagbayad ng buwis sa payroll ng employer
- Job opportunities at training

### Mga buwis

- Humingi ng tulong sa personal income tax at mga extension ng pag-file – Franchise Tax Board (FTB)
  - Income tax relief at tulong sa pag-file
  - Mga kopya ng mga dokumento sa buwis
  - Mga update sa address

### Tulong sa muling pagtatayo

- Kumuha ng tulong sa pagkuha ng mga kontratista at mga tip sa muling pagtatayo – Contractors State Licensing Board (CSLB)
  - Siguraduhing lisensyado ang iyong kontratista
  - Paghahanap at pagkuha ng isang lisensyadong kontratista
  - Paghahain ng reklamo

### Mga buwis sa negosyo

- Humingi ng tulong sa mga buwis sa negosyo – California Department of Tax and Fee Administration (CDTFA)
  - Buwis sa pagbebenta at paggamit
  - Extension sa pag-file ng return
  - Kaluwagan sa pagpataw ng interes at mga multa
- Makakuha ng kaluwagan sa buwis sa kita ng negosyo at mga extension ng pag-file – Franchise Tax Board (FTB)

Pumunta sa [ca.gov/LAfires](https://ca.gov/LAfires) para sa pinakabagong impormasyon, kabilang ang mga lokasyon ng Disaster Recovery Center .

01/24/2025